Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-17 NG ENERO, 2011 DITO SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Eduardo C. Aceron | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon | - | -do- |
| Kgg. Juan L. Salas, Sr. | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Virgelio M. Astillo | - | Pang., Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Klean Rose F. Borbon | - | Pang., Pederasyon ng SK |

**HINDI NAKADALO:** Wala

x-----------------------------------------------------------x

## KAUTUSAN BLG. 11-01-108

**KAUTUSANG NAGBABAGO NG SEKSYON 3,4 AT 8 NG KAUTUSAN BLG. 25 SERYE 1992 NA MAY TITULONG "KAUTUSANG NAG-AATAS SA MGA MAMAMAYAN NG BAYANG ITO NA TALIAN O IKULONG ANG KANILANG MGA ALAGANG ASO AT PAGPATAW NG KAPARUSAHAN SA MGA PAGLABAG DITO"**

May-Akda: Konsehal Eduardo C. Aceron
Tserman: Komite ng Usaping Legal

**ITINATADHANA** ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro na:

**SEKSYON 1.** Seksyon 3, 4 at 8 ng Kautusan Blg. 25, serye 1992 ay binago upang mabasa katulad ng mga sumusunod:

" **SEKSYON 3.** Alinmang aso na makikitang gumagala sa lansangan o alinmang pampublikong lugal ay maaaring hulihin *ninuman upang isuko sa Bahay Pamahalaan upang* pagbayarin ng halagang Dalawang Daan at Limampung Piso (Php250.00) kung saan ang Limampung Piso (Php50.00) ay mapupunta sa nakahuli;

**SEKSYON 4.** Na ang sinumang tao na nagmamay-ari o nag-aalaga ng anumang uri ng aso na may gulang na higit sa tatlong *(3) buwan pataas ay nararapat na kumuha ng lisensya* mula sa Tanggapan ng Punong Bayan at magbayad ng halagang Dalawampu't Limang Piso (Php25.00) bawat taon;

Scanned with CamScanner

**SEKSYON 8.** **Ang sinumang lumabag sa Kautusang ito ay magmumulta ng hindi lalagpas sa halagang Dalawang Libo *Limandaang Piso (Php2,500.00)* o *pamimilanggo ng* hindi lalagpas sa anim (6) na buwan o parusang multa at pamimilanggo alinsunod sa hatol ng Hukuman; "**

**SEKSYON 2.** Anumang kautusang salungat dito ay pinawawalang bisa na.

**SEKSYON 3.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos mailathala para sa kaalaman ng Sambayanan. Ang mga sipi ng Kautusang ito ay ibibigay sa Himpilan ng Pulisya at Tanggapan ng Ingat-Yaman para sa kanilang kaalaman at pagpapatupad.

**ISINABATAS** ngayong ika-17 ng Enero, 2011, Bulalacao, Silangang Mindoro.

x——————————————————————————————————x

| | |
|---|---|
| **EDUARDO C. ACERON**<br>Konsehal | **GIDEON B. ABUEL**<br>Konsehal |
| **EMELITA A. OSORIO**<br>Konsehal | **GUILLERMO G. SALAS, JR.**<br>Konsehal |
| **LEONARDO A. ANDALLON**<br>Konsehal | **JUAN L. SALAS, SR.**<br>Konsehal |
| **SENEN C. FAMILARA**<br>Konsehal | **RAMON G. MAGBANUA**<br>Konsehal |
| **VIRGELIO M. ASTILLO**<br>Pang., Liga ng mga Brgy. | **KLEAN ROSE F. BORBON**<br>Pang., Pederasyon ng SK |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SIXTO O. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
*Pangalawang Punong Bayan/*
*Tagapamanihala ng Pulong*

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 02-07-2011

010125/bma

Scanned with CamScanner